Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

24 Hunyo 2018 Dakilang Kapistahan ng Pagsilang ni San Juan Bautista

Nakalaan Para sa mga Dakilang Bagay

Ang pagsilang ni Juan Bautista ay mahalagang bahagi sa kasaysayan ng kaligtasan. Dito nagwakas ang matagal nang paghihintay at pananabik, at nagsimula na ang panahon ng katuparan – ang pagdating ng Mesiyas. Ang paglilihi kay Juan at ang kanyang kapanganakan ay nagpapakitang siya'y nabibilang sa pangkat ng mga dakilang propetang tulad nina Samuel at Jeremias.

Misyon ni Juang ipakilala sa mga tao ang Mesiyas bilang "Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan" habang nagpapalagay na di siya karapat-dapat magkalag man ng sandalyas ng Mesiyas. Kaya nga, si Juan ay isa ngang tunay na dakila sa katapatan *at* kababaang-loob *na ikinahanga sa kanya sa loob ng maraming siglo at marapat nating tularan.*

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang dakilang si San Juan, sugo ng Poong Maykapal, saksi sa kaliwanagan upang maging handang tunay para kay Kristo ang tanan.

Pagbati

P **–**Ang biyaya at kapayapaan ng Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

B **–At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P **–**Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng Eukaristiyang ito sa karangalan ni San Juan Bautista, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at ihanda ang ating mga puso sa pagsalubong sa Panginoon. *(Tumigil saglit.)*

P **–**Panginoong Hesus, lumundag sa galak si Juan Bautista sa sinapupunan ng kanyang ina dahil sa iyong presensiya. Panginoon, kaawaan mo kami!

B **–Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Panginoong Hesus, ang pangangaral mo ng Mabuting Balita ay inihanda ni Juan Bautista. Kristo, kaawaan mo kami!

B **–Kristo, kaawaan mo kami!**

P **–**Panginoong Hesus, bininyagan ka ni Juan Bautista at tinanggap mo mula sa kanya ang mga unang disipulo mo. Panginoon, kaawaan mo kami!

B **–Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B **–Amen!**

Papuri

B **–**Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

KAPANGANAKAN_JBAUTISTA 2018.indd 1 5/11/2018 8:40:08 AM

Panalanging Pambungad

P – Ama naming makapangyarihan, hinirang mo si San Juan Bautista upang ihanda ang bayan para sa Panginoong si Kristo. Ipagkaloob mong magalak sa Espiritu ang iyong bayan at patnubayan ang kalooban ng tanan sa daan ng kaligtasan at kapayapaan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – **Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Is 49:1-6***

Maririnig natin ngayon ang ikalawang orakulo ng "Lingkod ng Panginoon." Bagamat ang karaniwang pakahulugang Kristiyano sa Lingkod ay bilang propetikong larawan ng Mesiyas. Ngunit sa liturhiya ngayon, ang orakulong ito ay tumutukoy kay Juan Bautista, ang tagapanguna sa Mesiyas.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Makinig kayo mga taong naninirahan sa malalayong lugar. Pinili na ako ng Panginoon bago pa isilang at hinirang niya ako para siya'y paglingkuran. Mga salita ko'y ginawa niyang sintalas ng tabak, siya ang sa aki'y laging nag-iingat. Ginawa niya akong parang matulis na palaso na anumang oras ay handang itudla. Sinabi niya sa akin, "Israel, ikaw ay lingkod ko, sa pamamagitan mo ako'y dadakilain ng mga tao." Ngunit ang tugon ko, "Ako ay nabigo sa aking pagsisikap, hindi nagtagumpay gayong ibinuhos ko ang aking lakas." Gayunman'y itinitiwala ko sa Panginoon ang aking kalagayan, na ako'y gagantimpalaan sa aking nakayanan.

Bago pa ako ipanganak ay hinirang na ng Panginoon, pinili niya ako para maging lingkod niya upang tipunin ang nangalat na mga Israelita, at sila'y ibalik sa bayang Israel. Binigyan ako ng Panginoon ng karangalan, sa kanya nagbubuhat ang aking karangalan. Sinabi ng Panginoon sa akin: "Israel na aking lingkod, may mas mahalaga pa akong ipagagawa sa iyo. Bukod sa pagpapanumbalik sa mga Israelitang nalabi ay gagawin kitang tanglaw ng mga bansa upang lahat sa daigdig ay maligtas."

Ang Salita ng Diyos!

B – **Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 138***

B –Pinupuri kita, D'yos ko, dahil ako'y nilikha mo!

R. M. Velez



*** Ako'y iyong siniyasat, batid mo ang aking buhay, ang lahat kong lihim, Poon, ay tiyak mong nalalaman. Ang lahat ng gawain ko, sa iyo ay hindi lingid, kahit ikaw ay malayo, batid mo ang aking isip. Ako'y iyong nakikita, gumagawa o hindi man, ang lahat ng gawain ko'y pawang iyong nalalaman.** ***B.***

*** Ang anumang aking sangkap, Ikaw O Diyos ang lumikha, sa tiyan ng aking ina'y hinugis mo akong bata. Pinupuri kita, O Diyos, marapat kang katakutan, ang lahat ng gawain mo ay kahanga-hangang tunay.** ***B.***

*** Lahat ito'y nakikintal, sa puso ko at loobin. Ang buto ko sa katawan noong iyon ay hugisin, sa loob ng bahay-bata doo'y iyong napapansin; lumalaki ako roong sa iyo'y di nalilihim.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Gw 13:22-26***

Sa kanyang pangangaral, inuulit ni Apostol Pablo ang mensahe ng apat na Ebanghelyo: Ang buong kababaangloob at katapatang pag-amin ni Juang hindi siya ang Mesiyas kundi tagapanguna lamang niya.

L – Pagpapahayag mula sa Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon, sinabi ni Pablo, "Nang si Saulo'y alisin ng Diyos, inihalili si David upang maghari sa ating mga ninuno. At ganito ang patotoo ng Diyos tungkol sa kanya, 'Natagpuan ko kay David na anak ni Jesse ang lalaking nakalulugod sa akin, isang lalaking handang tumupad sa lahat ng iniuutos ko.' Mula sa angkan ng lalaking ito ipinagkaloob sa Israel si Hesus, ang kanyang ipinangakong Tagapagligtas. Bago siya dumating, ipinangaral ni Juan sa buong Israel na dapat nilang pagsisiha't talikdan ang kanilang mga kasalanan, at pabinyag. Nang matapos na ni Juan ang kanyang gawain, sinabi niya sa mga tao, 'Sino ba ako sa akala ninyo? Hindi ako ang Kristo. Ngunit siya'y darating na kasunod ko. At hindi ako karapat-dapat kahit tagaalis ng panyapak.'

Mga kapatid kong mula sa lahi ni Abraham, at mga taong may takot sa Diyos: tayo ang pinadalhan ng balitang ito tungkol sa kaligtasan."

Ang Salita ng Diyos!

B – **Salamat sa Diyos!**

Aleluya ***Lu 1:76***

B – **Aleluya! Aleluya!**
Ikaw, Juan, ay propeta, sinugo upang manguna sa Manunubos ng sala.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Lu 1:57-66.80***

Isinasalaysay ng Ebanghelyo ngayon ang katuparan ng ipinangakong anak ng anghel Gabriel kay Zacarias na noo'y naglilingkod sa Templo. Ang mga pangyayaring ito ay nagbunga ng mga haka-haka sa kinabukasan ng sanggol na ang pambihirang paglilihi sa kanya at ang mga pangyayari sa kanyang pagtuli ay waring hudyat ng mahiwagang plano ng Diyos para sa kanya.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

Dumating ang oras ng panganganak ni Elisabet, at nagluwal siya ng isang sanggol na lalaki. Nabalitaan ng kanyang mga kapitbahay at mga kamag-anak na siya'y pinagpala ng Panginoon, at nakigalak sila sa kanya.

Nang ikawalong araw, dumalo sila sa pagtutuli ng sanggol. Zacarias sana ang ipangangalan sa kanya – gaya ng kanyang ama – ngunit sinabi ng kanyang ina, "Hindi! Juan ang ipapangalan sa kanya." "Subalit wala isa man sa iyong mga kamaganak ang may ganyang pangalan," wika nila. Kaya't hinudyatan nila ang kanyang ama at itinanong kung ano ang ibig niyang itawag sa sanggol. Humingi siya ng masusulatan at sumulat ng ganito: "Juan ang kanyang pangalan." At namangha silang lahat. Pagdaka'y nakapagsalita

KABANGANAKAN_I BAUTISTA 2018.indd 2 5/11/2018 8:40:22 AM

siya, at nagpuri sa Diyos. Natakot ang lahat ng kanilang kapitbahay, anupat naging usap-usapan sa buong kaburulan ng Judea ang mga bagay na ito. Pinakaisip-isip ito ng lahat ng nakaalam at ang kanilang tanong: "Magiging ano kaya ang batang ito?" Sapagkat maliwanag na sumasakanya ang Panginoon.

Lumaki ang bata at naging malakas ang kanyang espiritu. Siya'y tumira sa ilang hanggang sa araw na magpakilala siya sa Israel.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

***B*–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

***P* –**Lahat tayo ay nakalaan para sa mga dakilang bagay sa plano ng Diyos, ngunit madalas tayong manghina at mag-alinlangang tumugon sa panawagan sa atin. Buong pananalig tayong manalangin:

***B* –Panginoon, dinggin Mo kami!**

* Para sa buong Simbahang hinirang na magpatuloy sa misyon ni Juan Bautista: Nawa lagi niyang maihanda ang mga tao sa pagsalubong kay Hesus at mamuhay alinsunod sa kanyang turo. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa, mga Obispo, at lahat ng iba pang pinuno sa ating mga pamayanan: Nawa tumulad sila sa sipag at sigasig ni Juan Bautista at sila nawa'y maging mabuti nating halimbawa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng magulang at guro, at may pananagutan sa kabataan: Nakaugat nawa ang kanilang mga pagsisikap sa Salita ng Diyos at sa katapatan sa Kanyang plano. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating mga anak at kabataang di napag-aral: Nawa matagpuan nila sa kanilang mga mag-anak at pamayanang lokal ang malasakit na kailangan upang lumaki silang tapat at kapakipakinabang na mamamayan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating lahat na natitipon dito upang parangalan si Juan Bautista: Nawa tularan natin ang kanyang halimbawa sa pagtupad sa ating tungkulin kahit na dito'y may mga pagkatalo at pagdurusa. Manalangin tayo! ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. *(Tumigil saglit.)* Manalangin tayo! ***B.***

***P* –**Panginoong Diyos, inilaan Mo kami para sa kadakilaan sa Iyong Kaharian. Tulutan Mo kaming tumugon sa Iyong tiwala nang buong katapatan sa pagtulad kay Juan Bautista, na bukas-palad na naglingkod at nag-alay ng kanyang buhay alang-alang sa katotohanan. Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

***B* –Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*–** Manalangin kayo. . .

***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

***P*–** Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang mga alay naming dito inihahanda sa iyong mga hapag ng banal mong dambana ngayong nagdiriwang kami ng parangal na nakatakda sa dakilang kapistahan ng nagturong darating at narito na nga si Hesukristo na aming Panginoon magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

Prepasyo

***P* –**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Dinadakila namin ang pagtatalaga sa pinili mong sa kanya'y manguna: ang Tagapagbinyag na San Juan Bautista. Sa lahat ng isinilang siya'y iyong itinangi at sa ligaya ng marami siya'y naging sanhi. Bago pa siya iluwal, kanya nang ikinagalak ang pagdating ng Tagapagligtas ng lahat. Sa tanang propeta'y siya lang ang naghayag na narito ang Korderong sa lahat magliligtas. Siya pa rin ang tagapagbinyag na gumanap sa nagpabanal sa tubig at nag-utos magbinyag na tapat niyang pinanindigan kahit dugo niya'y dumanak.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B* –Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

***B* –Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**

***P*–** Hinihiling namin . . .

***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos . . .**

KAPANGANAKAN_I BAUTISTA 2018.indd 3 5/11/2018 8:40:22 AM

Paanyaya sa Pakikinabang

P – Ito si Hesus na nag-aanyaya sa ating ibigin kahit na ang ating mga kaaway. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – **Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang Poong D'yos nating mahal ay mahabaging lubusan kaya't bubukang liwayway sa atin sa sanlibutan ang araw ng kaligtasan.

Panalangin Pagkapakinabang

P – Ama naming mapagmahal, kaming nagsalo sa piging ng Kordero ay dumadalangin na ang iyong Sambayanang nagagalak sa pagsilang ni San Juan Bautista ay kumilala nawa sa ipinangaral niyang darating na gumanap ng aming panibagong pagsilang: si Hesukristo na aming Panginoon magpasawalang hanggan.

B – **Amen!**

PAGWAWAKAS

P – Sumainyo ang Panginoon.

B – **At sumaiyo rin!**

P – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, at Anak, at Espiritu Santo.

B – **Amen!**

P – Humayo kayo upang paglingkuran ang Panginoon tulad ng ginawa ni Juan Bautista.

B – **Salamat sa Diyos!**

Ang Sanggol na Nakalaan Para sa mga Dakilang Bagay

Hinirang na maging tagapanguna ng Mesiyas mula sa paglilihi sa kanya, si Juan Bautista ay nakatawag-pansin na agad sa pagtuli sa kanya nang ang matanda na niyang amang si Zacarias ay muling nakapagsalita pagkatapos ng higit sa siyam na buwang pagkapipi. Gayon na lang ang paghula ng mga tao sa nakalaan para sa batang iyon. Tunay ngang dakila ang plano ng Panginoon para sa kanya, pagkat ihahanda niya ang mga tao para sa pagdating ng Panginoon. *(Sangguniin Lu 1:17.)*

Pagkalipas ng 30 taon, nang si Juan ay magsimula nang mangaral at manawagan sa bautismo ng pagsisisi sa may Ilog Jordan, lalo pa siyang nakatawag-pansin. Sa katunayan, buong pananalig na dinumog siya ng mga tao buhat sa Palestina at Jerusalem. Di iilan ang naniwalang dumating na nga ang ipinangakong Mesiyas.

Ngunit si Juan ay matuwid at tapat. Alam niyang "hindi siya ang ilaw, kundi siya'y naparito upang magpatotoo tungkol sa ilaw" *(Jn 1:8)*. Misyon niya'y ihanda ang daan para sa Mesiyas upang ang mga tao'y kanyang mapagbalik-loob. Itinuring ni Juang siya'y isang hamak na tinig na sumisigaw sa ilang, "Ihanda ang daan ng Panginoon; ituwid ang kanyang daraanan."

Kaya nga, sa kanyang kabantugan, di siya nagalinlangang magpahayag na hindi siya ang Mesiyas kundi kanya lamang tagapanguna, at itinuring niya ang kanyang sariling di karapat-dapat na magkalag man lamang ng sandalyas ng kanyang Panginoon.

At di lamang iyan. Di nagtagal, habang nagdaraan si Hesus, itinuro siya ni Juan sa kanyang mga disipulo at nagpahayag: "Masdan ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Gayon ang kanyang di-tuwirang pagsasabing si Hesus ang taong dapat salubungin at sundan pagkat siya nga ang hinihintay na Mesiyas.

Habang dumarami na ang mga disipulo ni Hesus at nag-aalala naman ang mga alagad ni Juan sa kanilang lumiliit na bilang lalo pang sumikat si Juan nang magpahayag siyang: "Lubos na ang kagalakan ko ngayon. Kinakailangang siya ay maging dakila at ako nama'y mababa!" *(Jn 3:29-30)*

Mababa ang loob ni Juan pagkat siya'y tao ng Diyos at may prinsipyo. Alam niya ang tama at iyon ang kanyang ginawa nang walang pag-aatubili. Alam niya ang masama at walang takot niya itong sinalungat. Buo ang loob niya kahit na siya'y makasakit pa ng mga nasa katungkulan, pati na rin si Haring Herodes Antipas mismo, na lumikha ng iskandalo nang makisama sa asawa ng kanyang kapatid na si Felipe. Kahit pinag-uusapan na ng ilang taga-Galileang tutol sa gayon, hindi nangimi si Juan sa lantarang pagtukoy rito bilang malaking kasalanan kahit na ang may sala ay ang pinakamataas sa bayan.

Para kay Juan, nangangahulugan ito ng kawalan ng kalayaan at ng kanyang kamatayan. Ngunit di siya natakot. Alam niyang iyon ang kapalaran ng karamihan sa mga propeta. Bagamat katawan niya'y nakagapos, nanatili naman siyang lubos na espirituwal na malaya. Buhat sa kanyang pagkakabilanggo, sinubok pa niyang palayain ang Hari sa pagkaalipin nito sa pagkakasala kasabay ng paalaalang saklaw ng kautusang moral ng Diyos ang kapwa mga hari at kanilang pinaghaharian.

Bago pa nakarating kay Hesus ang balita ng pagkamatay ni Juan, tinanggap na ng bilanggo sa Banal na Guro ang pinakamataas na paghanga: "Tinitiyak ko sa inyong walang sinumang isinilang ng babae sa kasaysayan ang higit na dakila kay Juan Bautista." Gayon nga si Juan – ang bagong Elias, na panghuli sa mga propeta ng Matandang Tipan, at ang una sa mga disipulo ni Hesus, sunod kay Mariang Kabanalbanalan.

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Marketing:*** Fr. B. Nolasco and T. Mojica • ***Circulation:*** R. Saldua

KARANGANAKAN_LBAUTISTA2018.indd 4 5/11/2018 8:40:22 AM